LabourPains.com
Reliable information from doctors, midwives & mothers on pain relief & anaesthesia choices for your baby's birth

# Pananakit ng ulo pagkatapos ng epidural or iniksyon sa gulugod?
## Mga kailangang mong malaman

**Pagkatapos ng epidural or iniksyon sa gulugod, may 1 sa 100 at 1 sa 200 na tsansang magkaroon ng pananakit ng ulo 'pagkatapos ng pagkabutas ng dural' (PDPH)**

### Ano ang nagiging sanhi ng sakit ng ulo?

Ang utak at gulugod ay napapalibutan ng sac na puno ng likido (fluid filled sac) na tinatawag na dura

Ang dura ay maaaring aksidenteng mabutas habang iniiniksiyon ang epidural o sinadya para sa gulugod Ang likido ay maaaring tumagas mula sa pagbutas na nagiging sanhi ng pagbaba ng

pressure sa likidong nakapaligid sa utak at nagiging sanhi ng pananakit na ulo



### Anong klaseng sakit ng ulo?

- Nagsisimula ito sa mga araw pagkatapos ng iyong epidural o panggulugod
- Kadalasan ay malubha ito
- Mas matindi ito kapag nakaupo at mas bumubuti kapag nakahiga
- Maaaring may pananakit din ng leeg
- Maaaring hindi maging komportable sa liwanag na ilaw - mas gusto ang madilim na silid

### Ano ang panggamot?

- Pamamahinga sa Higaan
- Uminom ng maraming likido at mga inuming may caffein
- Ang mga karaniwang gamot sa pananakit (tulad ng paracetamol o ibuprofen)
- Oras (maaaring bubumuti pagkatapos ng ilang araw)
- Ang patch sa dugo (kung hindi ito gagaling o napakalubha)

### Ano ang patch ng dugo?

(1) Ang epidural patch ng dugo ay katulad ng pagkakaroon ng epidural o iniksyon sa gulugod at karaniwang isinasagawa ng anestesista sa isa sa mga labor room o sa pinag-ooperahang kuwarto . Ito ay kadalasang isinasagawa pagkalipas ng higit sa 24 na oras matapos maganap ang pagkakabutas.



(2) Habang isinasawaga ang pamamaraan, kukuha ng dugo mula sa isang ugat sa iyong braso.



(3) Pagkatapos nito, ang dugo ay ituturok sa epidural space.



(4) Papahigain ka ng ilang oras pagkatapos ng patch ng dugo upang hayaang mamuo ang dugo sa tamang lugar. Ang dugo ay mamumuo at sasarhan ang pagtagas ng likido, para makatulong sa pagpapahinto ng pananakit ng ulo.



### Ano ang masasamang epekto ng patch ng dugo?

- Ang halos 1 sa 5 ang hindi magpapahinto ng pananakit ng ulo kaya malamang na mangailangan ka pa ng isa
- Malamang na magkakaroon ng pananakit kapag ang dugo ay itinurok sa iyong likod
- Maaaring sumakit ang iyong likod ng ilang araw pagkatapos nito
- May maliit na tsansang (mas mababa sa 1%) ng isa pang pagkabutas ng dural
- Ang mga iba pang bihirang komplikasyon ay impeksyon, pinsala sa ugat o pagdurugo sa iyong likod

### Makipag-ugnayan kaagad sa ospital kung magkaroon ka ng:

- Matinding pananakit sa likod
- Mataas na temperatura
- Lumalalang pananakit ng ulo na may paninigas ng leeg
- Panghihina ng paa
- Hindi mapigil na pag-ihi o pagdumi

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa pananakit ng ulo pagkatapos ng pagkabutas ng dural, hilinging talakayin ng propesyonal na tagapangalaga ng kalusugan.
Mababasa ang mga karagdagang impormasyon tungkol lunas sa pananakit at anestetiko sa pagbubuntis sa website ng Labor Pains - **www.labourpains.com**

© Copyright 2016 - Association ng Obstetric Anesthetists'- 21 Portland Place - London - W1B 1PY - UK
Telepono: +44 (0) 20 7631 8883 Fax: +44 (0) 20 7631 4352 Registered Charity No. 1111382 Registered No. 5540014 (England)